# Mga Hakbang Laban sa Sunog Kung may Sakuna



Pinapalala ng sunog ang pinsala ng lindol. Kung nasa mismong lugar ka kung saan nagsimula ang apoy, makipagtulungan sa mga kapitbahay para patayin ito bago pa kumalat. Pero tandaan, huwag mong isakripisyo ang oras ng pagtakbo para lang dito. Tandaan ang tatlong pangunahing tuntunin sa pag-apula ng apoy at manatiling kalmado sa pagdedesisyon.

## Tatlong Pangunahing Tuntunin sa Pag-apula ng Apoy

### ❶Ipagbigay-alam Agad

Kapag nakakita ng sunog, sumigaw nang malakas para humingi ng tulong sa mga kapitbahay at tumawag agad sa 119 (numero ng bumbero).




### ❷ Patayin ang Apoy sa Loob ng 3 Minuto

Gamitin ang fire extinguisher o tubig para patayin ang apoy. Kung wala nito, gumamit ng mga bagay na malapit sa iyo tulad ng basang kumot o sheets para ipantakip sa apoy.



### ❸Tumakbo at Lumikas Agad

Kapag umabot na sa kisame ang apoy, sumuko na sa pagpatyn nito at tumakbo na. Hangga' t maaari, isara ang pinto o bintana ng kwartong nasusunog para maharangan ang hangin (oxygen) bago ka lumikas.



## Paano Gamitin ang Fire Extinguisher at mga Paalala

Sa ngayon, karamihan ng mga bahay ay may smart gas meters na awtomatikong nagpapatay ng gas kapag may malakas na lindol. Kaya huwag isakripisyo ang sarili o mapahamak sa sunog habang lumayanig pa. Pagkatapos ng malakas na pagyanig, patayin agad ang apoy at isara ang main gas valve. Karaniwang kaya pang apulahin ang apoy bago ito umabot sa kisame. Kapag nasa kisame na ang apoy, lumikas na agad at mag-ingat na huwag makalanghap ng usok.

❶Ipasok ang daliri sa safety pin at hilahin ito .



❷Tanggalin ang hose at itutok sa pinagmumulan ng apoy (hawakan ito malapit sa dulo/tip).




❸Pisilin nang diin ang lever para lumabas ang extinguishing agent. Itutok ito sa mismong pinagmumulan ng apoy, hindi sa usok o sa dulo ng apoy.





Kahit patay na ang apoy, maaari itong muling mag-apoy kung mainit pa ang paligid.




Iwasang ilagay ang fire extinguisher sa mga lugar na direktang nasisikatan ng araw o masyadong mamasa-masa (humid).

Makilahok po tayo！

## Tungkol sa Community Disaster Drills

Sa Yamato City, ang mga lokal na voluntary disaster prevention groups ang nangunguna sa pagsasagawa ng mga community disaster drills. Sa mga drill na ito, bukod sa pag-aaral kung paano gamitin ang fire extinguisher, mayroon ding pagsasanay para sa CPR (Cardiopulmonary Resuscitation) at paggamit ng AED (Automated External Defibrillator).Inaanyayahan ang lahat—mula bata hanggang matanda—na makilahok para mapataas ang antas ng kahandaan ng sarili at ng buong komunidad laban sa anumang sakuna.

